# Sistema ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Sekundaryang Paaralan 2022/2024
# (Para sa Admisyon sa Sekondarya 1 sa Setyembre 2024)
# Mga Madalas na Katanungan

## Mga Lugar ng Pagpapasya

**(1) T Ano ang mga lugar na pagpapasya (discretionary places o DP)?**

S Ang DP ay Sekondarya 1 (S1) na mga lugar na inilaan ng mga paaralang pang-sekondarya para sa admisyon ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagpapasya. Ang pamahalaan, tinulungan at caput na ng paaralang pang-sekondarya ay maaaring magreserba nang hindi hihigit sa 30%, ng kanilang S1 na mga lugar bilang DP, habang ang Direktang Pagkakaloob ng Tulong (Direct Subsidy Scheme o DSS) na mga paaralang pang-sekondarya na lumalahok sa Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralang Pang-sekondarya (Secondary School Places Allocation o SSPA) ay maaaring magreserba nang higit sa 30% ng kanilang S1 na mga lugar bilang DP.

**(2) T Ano ang mga pamamaraan ng pag-aaplay para sa isang DP?**

S Ang panahon ng aplikasyon sa DP para sa siklong ito ay mula 2 Enero (Martes) hanggang 16 Enero 2024 (Martes). Lahat ng mga paaralang pang-sekondarya na nakikilahok sa Sistema ng SSPA (nakikilahok na paaralang pang-sekondarya) ay tumatanggap ng mga aplikasyon sa loob ng parehong panahon.

Ang mga magulang ng nakikilahok na mga mag-aaral ng Primarya 6 (P6) ng kasalukuyang siklo ay makakatanggap ng dalawang kopya ng Application Form for Secondary One Discretionary Place (Application Form) sa pamamagitan ng mga paaralang primarya ng kanilang mga anak sa unang bahagi ng Disyembre 2023. Ang mga mag-aaral na hindi nag-aaral sa nakikilahok na mga paaralang primarya ay maaaring makakuha ng mga Application Form mula sa Seksyon sa Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralan ng Kawanihan ng Edukasyon (Education Bureau o EDB) (Adres: Office 2, 2/F, Manulife Financial Centre, 223 Wai Yip Street, Kwun Tong, Kowloon; Tel: 2832 7740 at 2832 7700) (Tandaan: Seksyon sa Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralan ay naka-iskedyul na ilipat sa Podium Floor, West Block, Education Bureau Kowloon Tong Education Services Centre, 19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon sa ikaapat na kwarter ng 2023. Ang mga detalye ay iaanunsyo sa website ng EDB.) sa mga oras ng opisina (Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 n.u. hangang 1:00 n.h. at 2:00 n.h. hanggang 6:00 n.g.; sarado sa mga araw ng Sabado, Linggo at mga Pista-Opisyal) mula 5 Disyembre 2023 hanggang 16 Enero 2024.

Bukod dito, kaugnay sa “Smart Government” na estratehiya, ang EDB ay nagpatupad ng digitalisasyon ng S1 na admisyon mula sa 2023. Para sa mga magulang na nakarehistro bilang mga tagagamit ng SSPA e-Platform at ikinabit ang kanilang account sa “iAM Smart+”[1], maliban sa papel na Application Form, maaari nilang ang DP na mga aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform. Para sa mga detalye sa pagsusumite ng DP na mga aplikasyon, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa Notes for Parents on Application for Secondary One Discretionary Places na ipapamahagi sa unang bahagi ng Disyembre 2023.

[1] Para sa mga detalye ng pagrerehistro ng “iAM Smart+”, mangyaring bisitahin ang “iAM Smart” na tematikong website (www.iamsmart.gov.hk) (Piliin ang: Home > “iAM Smart” Registration > Registration Methods).

Tungkol sa mga listahan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa Handbook for Application for Secondary One Discretionary Places (Handbook) na ipapamahagi sa mga paaralang primarya sa unang bahaging Disyembre 2023. Ang mga magulang ay maaari ring bumisita sa Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang mga listahan o tawagan ang 24 na oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (English)＞5 (Fax Services)＞04 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) upang makuha ang mga listahan sa pamamagitan ng fax.

**(3) T Ilang mga paaralang pang-sekondarya ang maaaring aplayan ng mga magulang para sa kanilang anak sa yugto ng DP? Ano ang kinahihinatnan ng paggawa ng mga aplikasyon para sa DP sa higit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya?**

S Ang DP na aplikasyon ay hindi napapailalim sa paghihigpit sa mga distrito. Ang mga magulang ay maaaring mag-aplay sa hindi hihigit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya para sa kanilang anak. Dapat tandaan ng mga magulang na kapag sila ay nag-aaplay sa higit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya para sa DP, hindi mahalaga kung ang mga aplikasyon ay isinumite sa papel na form o sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, ang DP na mga aplikasyon ay gagawing walang-bisa.

Sa dalawang Application Forms na natanggap ng mag-aaral/magulang, ang isa ay nagdadala ng Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 at ang isa ay nagdadala ng Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2. Ang Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 ay tinutukoy ang unang pagpipilian ng mag-aaral at ang Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2 ay tinutukoy ang pangalawang pagpipilian ng mag-aaral. Batay sa natatanging numero ng aplikasyon na taglay ng bawat Application Form, tityakin ng EDB ang una at pangalawang mga pagpipilian ng bawat mag-aaral (papel na Application Form at aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform ay nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon para sa mga aplikasyon na may parehong pagkakasunud-sunod na kagustuhan sa paaralan).

Kung ang mga magulang ay nagsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, mangyaring huwag magsumite ng kopya ng aplikasyon sa paaralang pang-sekondarya sa papel na Application Form, at kabaligtaran. Kung ang mga magulang ay nagsumite ng kopya ng mga aplikasyon (yaon ay nagsusumite ng mga aplikasyon na nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon sa parehong paaralang pang-sekondarya sa parehong papel na form at sa pamamagitan ng SSPA e-Platform), ang mga aplikasyon na ito ay ituturing na isang aplikasyon lamang. Kaya ang dobleng aplikasyon ay hindi mag-aaral magpapataas ng tiyansa na matalaga sa paaralan. Mangyaring tandaan na ang mga magulang ay hindi dapat magsumite ng mga aplikasyon na nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon sa dalawang magkakaibang mga paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng SSPA e-Platform at sa papel na form. Kung hindi, ang DP na mga aplikasyon ng kanilang anak ay gagawing walang-bisa.

**(4) T Maliban sa pag-aaplay nang hindi higit sa dalawang nakikilahok na paaralang pang-sekondarya, ano pa ang dapat tandaan ng mga magulang sa paggawa ng DP na aplikasyon para sa kanilang mga anak?**

S Ang mga mag-aaral na matagumpay sa DP na aplikasyon ay hindi paglalaanan ng lugar ng paaralan sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation o CA). Samakatuwid, ang mga magulang ay dapat na mag-aplay sa (mga) paaralan na kanilang pinili. Dapat tandaan ng mga magulang na kapag naipasa na, papel man o sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, ang mga aplikasyon hindi maaaring mabawi o makansela, at walang pagbabago na maaaring gawin sa pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan. Kaya, ang mga magulang ay dapat gumawa ng napakamaingat na konsiderasyon bago magsumite ng aplikasyon upang makagawa ng angkop na pagpipilian.

**(5) T Ano ang dapat isaalang-alang kapag ang mga magulang ay pumili ng isang paaralan para sa kanilang mga anak?**

S Ang mga magulang ay dapat na isaalang-alang ang lahat ng mga aspeto ng isang paaralan, hal. pang-edukasyon na pilosopiya, kultura, relihiyon, istraktura ng klase, mga katangian, pagkatao, kakayahan at interes ng kanilang mga anak upang makagawa ng angkop na pagpili ng paaralan.

Ang mga paaralan ay maaaring magdesisyon ng kanilang sariling mga pamamaraan ng admisyon, pamantayan ng admisyon at mga pagtitimbang ayon sa kanilang pang-edukasyon na pilosopiya at mga katangian. Ang pamantayan ng admisyon at pagtitibay na gagamitin ng paaralan ay dapat na patas, makatarungan, bukas, at pang-edukasyon na maayos, at dapat gawing publiko bago sa DP na panahon ng admisyon, hal. sa pamamagitan ng pagpapakita sa isang mahalagang lugar ng paaralan, na-upload sa homepage ng paaralan, paglathala sa Secondary School Profile o pagpapaalam sa bawat aplikante sa pagsulat. Ang mga paaralan ay maaaring mag-ayos ng mga panayam, ngunit hindi dapat magsagawa ng anumang mga anyo ng nakasulat na pagsusulit.

Ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa Secondary School Profiles na ipinamahagi ng Komite sa Pakikipagtulungan ng Tahanan-Paaralan sa unangbahagi ng Disyembre 2023, o bumisita sa homepage ng Secondary School Profiles at ang homepage ng paaralan para sa pinakabagong mga pag-unlad ng paaralan.

**(6) T Sa hindi pagbibigay pahintulot sa mga paaralang pang-sekondarya na magsagawa ng nakasulat na pagsusulit sa anumang mga anyo para sa layunin sa admisyon, paano nila maaaring matasa ang pagganap ng mga aplikante?**

S Ang mga aplikasyon ay susuriin batay sa pamantayan sa admisyon at mga pagtitimbang na itinakda ng mga paaralan, hal. ang akademiko at hindi akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang ilang paaralan ay gagamitin din ang mga panayam upang matuto ang tungkol sa kakayahan, interes at potensyal upang mapili ang angkop na mga mag-aaral para sa admisyon.

**(7) T Kapag gumagawa ng DP na aplikasyon, anong mga dokumento ang kailangang isumite sa paaralang pang-sekondarya na pag-aaplayan?**

S Para sa mga magulang na nagsusumite ng aplikasyon sa papel na form, kabilang dapat sa mga dokumentong isusumite ay ang Application Form for Secondary One Discretionary Place at ang mga dokumento na kinakailangan ng kinauukulang paaralan, hal. mga report kard ng paaralan mga mag-aaral, mga talaan ng mga parangal o premyo, at mga sertipiko o talaan para sa mga ekstra-kurikular na mga aktibidad at serbisyo sa pamayanan. Ang pagsumite ng impormasyon na hindi makukuha agad, tulad ng mga sulat ng rekomendasyon ng mga paaralang primarya maging ang mga puntos o pagkakasunod-sunod ng ranggo ng mga mag-aaral sa indibidwal na mga paksa, ay hindi kinakailangan.

Kung ang mag magulang ay magsumite ng DP na aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, sa pagpili ng kagustuhang paaralang pang-sekondarya sa pagkaksunud-sunod ng kagustuhan ng paarlaan (Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 1 o Pagkakasunud-sunod ng Kagustuhan sa Paaralan 2), kailangan nilang i-upload muna ang mga dokumento sa pagkakakilanlan ng mag-aaral, pagkatapos ay i-upload ang mga dokumento na kinakailangan ng paaralang pang-sekondarya sa katumbas na mga folder batay sa kategorya ng dokumento (halimbawa, Nakumpletong Nakabatay sa Paarlan na Form ng Aplikasyon, Mga Kopya ng mga Report Kard, at Mga Talaan ng mga Sertipiko at Parangal), at lumagda nang pa-digital gamit ang “iAM Smart+” para sa pagkumpleto ng aplikasyon.

**(8) T Ano ang mga pamantayan sa paglalaan ng DP kung ang isang mag-aaral ay nag-aplay sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at parehong tinanggap ng mga ito?**

S Batay sa natatanging numero ng aplikasyon na tinataglay ng bawat Application Form, titiyakin ng EDB ang una at ikalawang pinili ng bawat mag-aaral (ang papel na Application Form at aplikasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform ay nagtataglay ng parehong numero ng aplikasyon para sa mga aplikayon na may parehong pagkakasunod ng kagustuhan ng paaralan). Pagkatapos ay itutugma ng EDB ang mga kagustuhan ng mga mag-aaral laban sa Matagumpay/Nakareserbang mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya ng mga paaralan. Kung ang isang mag-aaral ay matagumpay sa kanyang mga aplikasyon sa parehong mga paaralan kung saan siya nag-aplay, ang paglalaan ay batay sa pagkakasunud-sunod ng kagustuhan ng mag-aaral. Sa ibang salita, ang mag-aaral ay ilalaan sa kanyang unang pagpili.

Kung ang mga magulang ay nag-aplay sa isang paaralang pang-sekondarya na sa huli ay hindi nag-aalok ng S1 na mga lugar sa ilalim ng Sistema ng SSPA sa siklo ng alokasyong ito, ang aplikasyong iyon ay hindi ipoproseso.

**(9) T Bukod sa pag-aaplay sa hindi hihigit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, maaari bang mag-aplay ang mga mag-aaral sa Jockey Club Ti-I College nang sabay?**

S Oo, maari. Ang panahon ng aplikasyon para sa admisyon ng S1 sa Jockey Club Ti-I College ay mula 2 Enero hanggang 18 Enero 2024. Kung matagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang aplikasyon sa Jockey Club Ti-I College, hindi sila paglalaanan ng isang DP o ng isang lugar sa CA sa ilalim ng Sistema ng SSPA. Kung hindi sila matagumpay sa kanilang aplikasyon, maaari pa rin silang dumaan sa Sistema ng SSPA para sa alokasyon ng isang S1 na lugar.

**(10) T Maaari ring bang mag-aplay ang mga mag-aaral sa Direktang Pagkakaloob ng Tulong ng mga paaralang pang-sekondarya na hindi sumasali sa SSPA (NDSS na mga paaralang pang-sekondarya) sa parehong panahon?**

S Oo, maaari. Dahil sa walang limitasyon sa bilang ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya na maaaring aplayan ng isang mag-aaral, maaari siyang tanggapin ng ilang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Gayunpaman, kapag ang isang magulang ay isinuko ang pinirmahang Gawain ng Magulang at ang orihinal ng Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral sa isa sa mga paaralang gumagawa ng isang pag-aalok sa anak, saka magsisilbi iyon bilang kumpirmasyon ng pagtanggap ng S1 na lugar na inialok ng may kinalamang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, at ang isang kasunduan na isuko ang anumang ibang mga tulong na salapi S1 na mga lugar (kabilang ang S1 na mga lugar ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekundaryo at Jockey Club Ti-I College). Aabisuhan ng paaralan ang EDB tungkol sa desisyon ng magulang sa huling mga araw ng Abril 2024. Sa pagtanggap sa mga Matagumpay na mga Listahan ng Nakikilahok na mga Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, hindi ilalaan ng EDB ang mga mag-aaral sa listahan sa iba pang mga paaralang pang-sekondarya sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA.

**<u>Mga Kaayusan para sa Pag-aabiso ng Matagumpay na DP na mga Aplikante (mga kaayusan sa abiso)</u>**

**(11) T Ano ang mga kaayusan sa pag-aabiso sa matagumpay na DP na mga aplikante (mga kaayusan sa abiso) sa ilalim ng Sistema ng SSPA?**

S Simula sa SSPA 2020, ang lahat ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) ay kinakailangang, pagkatapos ng pagpoproseso ng DP na mga aplikasyon, abisuhan ang mga magulang ng lahat ng matagumpay na mga aplikante na kasama ang kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya sa pamamagitan ng sulat at telepono sa isang tinukoy na petsa bago ang CA [2]. Ang mga paaralan ay kinakailangang panatilihing may sapat na kaalaman ang mga magulang sa mga kaayusan sa abiso, at kolektahin nang una ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang tinukoy na petsa para sa SSPA na siklong ito ay 27 Marso 2024. Para s mga magulang na nakarehistro bilang SSPA e-Platform na mga tagagamit, maari din silang makatingin ng mga abiso para sa matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng SSPA e-Platform simula sa 10 n.u. sa parehong araw. Ang mga kaayusna sa abisong ito ay hindi naaangkop upang ireserba at hindi matagumpay na mga aplikante, ni ang mga abiso ng mga resulta ng alokasyon. Ang mga magulang na may kinalaman ay hindi kailangang sumagot sa may kinalamang mga paaralang pang-sekondarya kung tatanggapin nila ang mga alok. Ang mga magulang na tumatanggap ng mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ng matagumpay na mga aplikasyon ay hindi kailangang punan ang mga bahagi ng mga pagpili ng paaralan sa Choice of Schools Form (Choice Form) sa CA na yugto na magsisimula sa Abril 2024.

Ang nabanggit na mga kaayusan sa abiso ay mga hakbang na pang-administratibo. Ang umiiral na mekanismo at mga pamamaraan ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang lahat ng mga mag-aaral sa SSPA na siklong ito ay makakatanggap ng mga resulta ng alokasyon ng SSPA (kabilang ang mga resulta sa mga yugto ng DP at CA) sa 9 Hulyo 2024.

Kung ang mga mag-aaral ay nag-aaral sa mga paaralang primarya na hindi nakikilahok sa Sistema ng SSPA at nalalaanan ng lugar ng paaralan sa yugto ng DP, ang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya o Jockey Club Ti-I College ay tatawagan ang mga magulang upang ipaalam sa kanila ang opisyal na mga resulta ng DP at kaugnay na mga kaayusan sa 9 Hulyo 2024 (yaon ang petsa ng pag-aanunsiyo ng mga resulta ng alokasyon). Kung kinakailangan, ang mga magulang ay maaari ding makipag-ugnayan sa (mga) paaralang pang- sekondarya kung saan sila nag-aplay sa 9 Hulyo 2024.

[2] Mangyaring sumangguni sa EDB na Sirkular Blg. 18/2019 para sa mga detalye ng mga kaayusan para sa pag-aabiso ng matagumpay lugar ng pagpapasya na mga aplikante at ang halimbawang lihim ng abiso.

**(12) T Kung ang mga mag-aaral ay nagsumite ng DP mga aplikasyon sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, posible bang aabisuhan sila bilang matagumpay na mga aplikante ng parehong mga paaralan ayon sa pagkakabanggit?**

S Para sa indibidwal na mga mag-aaral na nagsumite ng DP na mga aplikasyon sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at naging matagumpay sa parehong mga aplikasyon, ang kanilang ang mga magulang ay makakatanggap ng mga abiso mula sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ayon sa pagkakabanggit. Ang may kinalamang mga mag-aaral ay ilalaan sa mga paaralan na kanilang unang napili ayon sa umiiral na mekanismo ng SSPA.

**(13) T Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang mga reserba at hindi matagumpay na mga aplikante ay aabisuhan ba nang maaga ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ng mga resulta ng kanilang aplikasyon?**

S Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang mga nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay kinakailangang abisuhan lamang ng matagumpay na mga aplikante sa kanilang pagkakabilang sa Matagumpay na mga Listahan sa mga Lugar ng Pagpapasya ng paaralan. Ang mga paaralan ay hindi pinahihitulutan na bigyan ng abiso ang mga reserba at hindi matagumpay na mga aplikante ng resulta ng kanilang DP na aplikasyon upang maiwasan ang hindi kailangang hindi pagkakaintidihan.

**(14) T Kailan aabisuhan ang reserbang mga aplikante ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondara na sila ay nalaanan ng DP?**

S Ang mga mga kaayusan sa abiso ay hindi naaangkop sa reserba at hindi matagumpay na mga aplikante. Ang lahat ng mag-aaral (kabilang ang reserbang mga aplikante) sa SSPA na siklong ito ay makatatanggap ng opisyal na mga resulta ng alokasyon mula sa EDB sa 9 Hulyo 2024.

**(15) T Matapos makatanggap ang mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, kailangan bang ihayag ng may kinalamang mga magulang ang kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan sa mga paaralang may kinalaman at kumpirmahin ang kanilang pagtanggap sa inalok na DP?**

S Ayon sa umiiral na Sistema ng SSPA, hindi kailangang ihayag ng mga magulang ang kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan sa mga paaralang kanilang inaplayan. Ang mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa mga magulang sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso ay hindi isang opisyal na paglalabas ng mga resulta ng alokasyon. Samakatuwid, hindi kailangang iahayag ng mga magulang ang kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan sa may kinalamang mga paaralan, ni kompirmahin ang kanilang pagtanggap sa inalok na DP matapos makatanggap ng mga abiso sa matagumpay na mga aplikasyon ng DP ng kanilang mga anak.

(16) T **Pagkatapos makatanggap ng mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na mga aplikante ng DP, maaari bang baguhin ng mga magulang ang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan para sa kanilang mga anak?**

S Ayon sa umiiral na mekanismo ng SSPA, hindi mahalaga kung naipasa ang aplikasyon sa papel na form o sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, ang mga aplikasyon, sa oras na naisumite ay hindi maaaring bawiin o kanselahin, at walang pagbabago ang maaaring gawin sa pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan. Samakatuwid, ang mga magulang ay hindi pinahihitulutan na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kagustuhan sa paaralan pagkatapos na makatanggap ng mga abiso ng tagumpay sa DP na mga aplikasyon ng kanilang anak mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya.

(17) T **Maaaring bang itanong ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ang mga magulang tungkol sa pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan ng kanilang mga anak?**

S Sa ilalim ng umiiral na Sistema ng SSPA, ang mga magulang na nag-aaplay sa DP para sa kanilang anak ay hindi kailangang ihayag ang kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa paaralan sa may kinalaman mga paaralan. Ang umiiral na mekanismo ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso. Samakatuwid, ang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay hindi dapat tanungin ang mga magulang tungkol sa kaugnay na impomasyon.

(18) T **Para sa mga magulang na nakakatanggap ng mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa matagumpay na DP na mga aplikasyon ng kanilang mga anak , maaari ba nilang isuko ang DP at punan ang Choice Form para sa pakikilahok sa CA?**

S Sa ilalim ng umiiral na mekanismo ng SSPA, ang lahat ng mag-aaral na nilaanan ng DP ay hindi lalaanan ng ibang mga lugar ng paaralan sa yugto ng CA. Samakatuwid, ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante ay hind kinakailangang gumawa ng mga pagpili ng paaralan sa Choice Form. Kahit na gumagawa sila ng mga pagpili ng paaaralan sa Choice Form sa yugto ng CA na nagsisimula sa Abril 2024, ang kanilang mga anak ay paglalaanan pa din sa mga paaralang pang-sekondarya na matagumpay silang pinag-aplayan sa yugto ng DP ayon sa umiiral na mekamismo.

**(19) T Ang mga kaayusan sa abiso ay pareho ba na opisyal na paglalabas ng mga resulta ng DP? Pagkatapos matanggap ang mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante, kinakailangan ba ang mga magulang na kompletuhin agad ang mga pamamaraan ng rehistrasyon sa may kinalamang mga paaralan?**

S Ang mga kaayusan sa abiso bilang mga hakbang na pang-administratibo ay hindi katulad ng paglabas ng pinal na mga resulta ng alokasyon. Ang umiiral na mekanismo at mga pamamaraan ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang lahat ng mga mag-aaral sa SSPA na skilong ito ay makakatanggap ng mga resulta ng alokasyon ng SSPA (kabilang ang mga resulta ng mga yugto ng DP at CA) sa Hulyo 2024 tulad ng dati.

Dahil ang mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa mga magulang ay hindi isang opisyal na paglabas ng mga resulta ng alokasyon, ang mga magulang ay hindi kinakailangang kompletuhin agad ang pamamaraan ng rehistrasyon sa may kinalamang mga paaralan. Ang mga magulang ay makakatanggap ng mga Slip ng Alkasyon at mga Slip ng Admisyon pagkatapos na opisyal na paglalabas SSPA na mga resulta sa 9 Hulyo 2024. Kaya, ang mga magulang ay kinakailangang kompletuhin ang mga pamamaraan ng rehistrasyon sa mga paaralang pang-sekondarya na inilaan sa loob ng takdang panahon (yaon ay mula 11 Hulyo hanggang 12 Hulyo 2024).

**(20) T Ano ang kailangang tandaan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya kapag inabisuhan nila ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng sulat at telepono sa tinukoy petsa?**

S Kapag nakatanggap ng DP na mga aplikasyon mula sa mga magulang (lalo na sa mga magulang na nakatira/nagtatrabaho sa labas ng Hong Kong), dapat silang paalalahanan ng mga paaralan na i-update ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa tamang panahon. Dapat ding ipaalam nang mabuti sa mga magulang ang mga kaayusan para sap ag-aabiso ng matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng sulat at telepono sa isang tinukoy na petsa. Bukod dito, ang mga paaralan ay dapat gumawa ng nararapat na mga kaayusan ayon sa mga pangyayari na batay sa paaralan, kabilang ang pagreserba ng tamang oras para sa pagpapadala ng nakasulat para masiguro na ang mga magulang ng matagumpay na mga aplikante ay tatanggap ng nakasulat na abiso ng pagkabilang ng kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya ng paaralan sa isang tinukoy na petsa, pag-iiskedyul ng oras sa pagtawag sa telepno sa may kinalamang mga magulang, maging ang pagbuo ng mga kaayusan para sa mga magulang na hindi maaaring makausap sa tinukoy na petsa, atbp.

**(21) T Paano dapat isagawa ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ang mga katanungan sa telepono mula sa mga magulang kung matagumpay o hindi ang kanilang mga anak bilang DP na mga aplikante ng mga paaralan?**

S Sa pagsasaalang-alang sa mga kahirapan sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng tumatawag sa telepono, ang mga paaralan ay iminumungkahi na hindi ihayag ang impormasyon ng indibidwal na matagumpay na DP na mga aplikante kapag nakakatanggap ng mga katanungan upang hindi malabag ang Ordinansa sa Personal na Datos (Pagkapribado). Maaaring ipaalam ng mga paaralan ang mga magulang ng mga paraan kung saan ang mga magulang ng mga matagumpay na DP na mga aplikante ay aabisuhan, at ipaalala na ang mga magulang na nakarehistro bilang mga tagagamit ng SSPA e-Platform ay maaaring ring makita ang mga abiso para sa matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng SSPA e-Platform simula sa 10 n.u. sa parehong araw. Kung may ibang mga katanungan ang mga magulang, maaari silang asikasuhin ng mga paaralan ayon sa kanilang katanungan sa mekanismo na batay sa paaralan.

**(22) T Maliban sa pag-aabiso sa mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng sulat at telepono, maaari bang gumamit ng ibang paraan ang mga paaralang pang-sekondarya upang abisuhan sila?**

S Bilang karagdagan sa pag-aabiso sa mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng sulat at telepono, ang mga paaralan ay maaari ding abisuhan ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante sa pamamagitan ng ibang paraan kung kinakailangan. Gayunman, ang mga paaralan ay kinakailangan na sumunod sa mga prinsipiyo at ang mga kinakailangan ng Ordinansa sa Personal na Datos (Pagkapribado) kapag inaabisuhan ang may kinalamang mga magulang sa ibang mga paraan.

(23) T **Ang ilang mga mag-aaral ay inabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante at inalok din ng S1 na lugar ng isang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Kung magdesisyon sila na tanggihan ang alok mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, bakit kailangan nilang bawiin ang mga orihinal ng pinirmahang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa kinauukulang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya? Kung ang mga dokumento ay hindi nabawi, ang mag-aaral bas a kalauanan ay ilalaan din sa may kinalamang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya?**

S Ayon sa umiiral na mekanismo, sa premisa ng epektibong paggamit ng pampublikong mga mapagkukunan, ang mga NDSS na mga paaralang pang-sekondarya ay kokolektahin sa mga magulang ng mag-aaral na tinanggap ang S1 na lugar inalok ang pinirmahang Gawain ng Magulang kasama ang orihinal na Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral bilang kumpirmasyon ng pagtanggap ng alok at ang pagsuko ng ibang sinuportahang S1 na mga lugar (kabilang ang S1 na lugar ng ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at Jockey Club Ti-I College) na ilalaan sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA, upang maiwasan ang may kinalamang mga mag-aaral mula sa pag-okupa ng dalawang sinuportahang mga lugar ng mga paaralang pang-sekondarya nang magkasabay. Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, kung ang mag-aaral ay inabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) bilang matagumpay na DP na mga aplikante at inalok din ng S1 na mga lugar ng isang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, dapat silang magdesisyon kung tanggihan ang alok mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya sa loob ng tinukoy na panahon sa Abril 2024 (yaon ay sa loob ng 5 araw ng trabaho pagkatapos na matanggap ang mga abiso mula sa mga paaralan bilang matagumpay na DP na mga aplikante sa huling mga araw ng Marso 2024; ang huling petsa ng abiso sa mga NDSS na mga paaralang pang-sekondarya para sa SSPA 2024 ay 10 Abril 2024 sa ilalim ng normal na mga pangyayari). Kung ang mga magulang ay hindi nag-abiso sa may kinalamang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya at bawiin ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral sa loob ng tinukoy na panahon, sa ilalim ng umiiral na mekanismo, ang may kinalamang mga mag-aaral ay isasama pa rin sa Matagumpay na mga Listahan ng na Nakikilahok na mga Mag-aaral ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya na isusumite sa huling mga araw ng Abril 2024 at kaya hindi sila lalaanan ng S1 na mga lugar ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya, kabilang iyong pinili sila bilang matagumpay na DP na mga aplikante.

**(24) T Maaari bang tanggihan ng mga NDSS na mga paaralang pang-sekondarya ang mga hiling ng mga magulang na mabawi ang mga orihinal na nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral?**

S Ang kasalukuyang kaayusan para sa pagkolekta ng mga orihinal na nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral bilang kumpirmasyon ng desisyon ng magulang ay nakabatay sa prinsipyo sa lubos na paggamit ng pampublikong mga mapagkukunan at upang maiwasan ang may kinalamang mga mag-aaral sa pag-okupa ng dalawang sinuportahang mga lugar sa paaralang pang-sekondarya nang magkasabay. Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, kung ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante ay magdesisyong tanggihan ang alok mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, dapat nilang abisuhin ang may kinalamang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya at bawiin ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral sa loob ng isang tinukoy na panahon (yaon ay sa loob ng 5 araw ng trabaho pagkatapos na matanggap ang mga abiso mula sa mga paaralan bilang matagumpay na DP na mga aplikante sa huling mga araw ng ng Marso 2024; ang huling petsa ng abiso sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya para sa SSPA 2024 ay 10 Abril 2024 sa ilalim ng normal na mga pangyayari). Ang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya ay kailangang ibalik ang kaugnay na mga dokumento ayon sa hiling ng mga magulang. Ang pagbawi ng mga orihinal na pinirmahang Gawain ng Magulang ay magsisilbi bilang kumpirmasyon na ang mga magulang ay isinuko ang mga lugar ng paaralan sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Dahil dito, ang mga magulang ay dapat magbigay ng maingat na konsiderasyon ng bagay bago gumawa ng desisyon.

**(25) T Kung ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante ay hindi binabawi ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya sa loob ng tinukoy na panahon, maaari ba nilang bawiin ang mga dokumentong ito mula sa may kinalamang mga paaralan pagkatapos upang isuko ang mga lugar ng paaralan sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya?**

S Sa ilalim ng umiiral na mga kaayusan, isusumite ng mga magulang sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral bilang kumpirmasyon ng pagtanggap ng mga malok mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya at pagsuko sa ibang S1 na mga lugar (kabilang ang S1na mga lugar ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at Jockey Club Ti-I College) na ilalaan sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA.

Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, dahil ang ilang mga mag-aaral ay maaaring tanggihan ang mga lugar ng paaralan na alok ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya pagkatapos makatanggap ng mga abiso mula sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante, ang may kinalamang mga magulang ay dapat bawiin ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya sa loob ng tinukoy na panahon upang pahintulutan ang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya na tanggapin ang ibang mga mag-aaral ayon sa kanilang mga listahan ng paghihintay upang punan ang mga bakante, at isumite ang kanilang Matagumpay na mga Listahan ng Nakikilahok na Mag-aaral sa EDB sa huling mga araw ng Abril 2024. Sa kaugnayan nito, sa ilalim ng normal na mga pangyayari, ang mga magulang ng matagumpay na DP na mga aplikante ay hindi dapat bawiin ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya pagkatapos ng tinukoy na panahon.

**(26) T Kung nabawi ng mga magulang ang mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya upang kumpirmahin ang pagsuko ng mga lugar ng paaralan na inalok, maaari ba nilang hilingin ang may kinalamang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya na tanggapin muli ang kanilang mga anak sa hinaharap?**

S Ang pagbawi ng mga orihinal ng nakapirmang Gawain ng Magulang at ang Primarya 6 na Form ng Rekord ng Mag-aaral mula sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya ay nagsisilbi bilang kumpirmasyon ng desisyon ng mga magulang na isuko ang mga lugar na inalok ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Pagkatapos ng paglabas ng mga resulta ng SSPA sa Hulyo 2024, kung ang mga magulang mag-aaplay muli para sa S1 na mga lugar ng S1 sa may kinalamang NDSS na mga paaralang pang-sekondarya, ang mga paaralan ay maaaring magdesisyon kung tatanggapin ang mga aaral ayon sa kanilang batay sa paaralan na mekanismo ng admisyon ng mag-aaral.

**(27) T Maaari bang baguhin ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ang Matagumpay/Reserba na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya pagkatapos magsumite sa EDB?**

S Ang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay kinakailangang isumite ang Matagumpay/Reserba na mga Listahan para sa mga Lugar ng Pagpapasya (Mga Listahan) sa EDB sa o bago sa isang tinukoy na petsa (ang tinukoy na petsa para sa SSPA 2024 ay 26 Marso 2024). Dapat suriing mabuti ng mga paaralan ang Mga Listahan na may labis na pag-iingat upang masiguro ang katumpakan ng impormasyon bago isumite.

Pagkatapos isumite ang Mga Listahan, ang mga paaralan ay hindi pinahhintulutan na gumawa ng anumang mga pagbabago sa kanila. Kung espesyal na mga pangyayari, kung saan ang mga pagbabago ay dapat gawin sa Mga Listahan, ay lumitaw, ang mga paaralan ay dapat na magbigay ng isang nakasulat na paliwanag sa EDB sa lalong madaling panahon. Habang ang mga pagbabagong ginawa sa Mga Listahan ay maaring hindi ipakita sa SSPA e-Platform kaagad, matapos humingi ng pahintulot mula sa EDB, ang may kinalamang nga mag-aaral ay dapat ipaalam at malinaw na ipaliwanag ang mga pagbabago sa mga magulang ng apektadong mga mag-aaral.

**(28) T Kung ang mga mag-aaral ay hindi pa naabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante, ibig sabhin ba nito na sila ay hindi paglalaanan ng lugar ng paaralan sa yugto ng DP?**

S Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang ilang sa mga mag-aaral ay maaaring makatanggap ng mga abiso ng kanilang matagumpay na DP na mga aplikasyon mula sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at sa kalaunan sila ay ilalaan sa mga paaralan na kanilang unang pinili ayon sa umiiral na mekanismo ng SSPA , iiwanan ang isang lugar ng paaalan na hindi okupado. Bukod dito, ilan sa mga matagupmay na aplikante ay maaaring isuko ang DP na nakalaan sa kanila at sa halip tanggapin ang mga lugar na inalok ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Ang mga lugar na inilaan sa mga matagumpay na DP na mga aplikanteng ito ay gagawin ding magagamit. Kaya ang ilang mga mag-aaral na hindi pa naabisuhan ay maaaring mapaglaanan ng isang S1 na lugar sa mga paaralan na kanilang inaplayan sa yugto ng DP sa kakayahan ng reserbang mga aplikante.

**(29) T Maaari bang lumapit ang mga magulang sa ibang kagustuhang mga paaralang pang-sekondarya at mag-aplay para sa admisyon pagkatapos na magbigay ng abiso ang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa mga matagumpay na DP na mga aplikante?**

S Sa ilalim ng umiiral na mekanismo ng SSPA, ang S1 na mga lugar ng mga paaralan, pagkatapos na ibawas ang umuulit at DP na kota, ay gagamitin para sa CA. Ang mga paaralang pang-sekondarya ay hindi dapat magsagawa ng anumang mga pamamaraan ng admisyon (kabilang ang mga pamamaraan ng pagtanggap ng mga aplikasyon, pagpili o pagtanggap ng mga mag-aaral) upang mapunan ang anumang posibleng hindi nagagamit na mga lugar bago ang paglabas ng alokasyon sa Hulyo 2024. Ito ay para maiwasan ang pagdala ng hindi nararapat na presyon sa mga magulang at mag-aaral at paglilikha ng hindi patas na mga pangyayari. Dahil dito, ang mga magulang ay hindi kailangang lumapit sa ibang kagusuthang mga paaralang pang-sekondarya bago ang paglabas ng mga resulta ng alokasyon upang maiwasan na maapektuhan ang operasyon ng mga paaralan.

**(30) T Kinakailangan pa rin ba ang nakikilahok na mga paaralang primarya na isumite ang mga resulta ng panloob na pagtatasa ng mga mag-aaral na naabisuhan bilang matagumpay na DP na mga aplikante para sa kalkulasyon ng kanilang mga band ng alokasyon?**

S Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang umiiral na mekanismo ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang nakikilahok na mga paaralang primarya ay kailangang pa ring isumite ang mga resulta ng panloob na pagtatasa (internal assessment o IA) sa katapusan ng Primarya 5, sa kalagitnaan at sa katapusan ng P6 para sa lahat ng mga mag-aaral (kabilang iyong mga naabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante o iyong mga natanggap ng NDSS na mga paaralang pang-sekondarya). Sa yugto ng CA, ang sinukat na mga marka ng lahat ng nakikilahok na mga mag-aaral sa teritoryo/net na mga band ay aayusin ayon sa isang pagkakasunod ng merito ng kompyuter. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong teritoryo/net na mga band, ang bawat isa ay binubuo isang-katlo ng kabuuang bilang ng nakikilahok na mga mag-aaral sa teritoryo/parehong net ng paaralan. Sa ibang salita, ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat band ay tinutukoy ng kabuuang bilang ng nakikilahok na mga mag-aaral. Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang mga band ng alokasyon ng lahat ng nakikilahok na mga mag-aaral (kabilang iyong mga naabisuhan bilang matagumpay na DP na mga aplikante) ay kakalkulahin batay sa kanilang sinukat na mga resulta ng IA.

**(31) T Bakit nagbibigay ang EDB sa bawat nakikilahok na paaralang primarya na may kani-kanilang listahan nito ng matagumpay na DP na mga aplikante sa unang mga araw ng Abril 2024?**

S Ang EDB ay nagbibigay sa bawat nakikilahok na paaralang primarya na may kani-kanilang listahan nito ng matagumpay na DP na mga aplikante sa unang mga araw ng Abril 2024 upang magawa ang pagpapaalala ng paaralang primarya sa may kinalamang mga magulang na hindi nila kailangang gumawa ng mga pagpili ng paaralan sa yugto CA, at magbigay ng angkop n suporta sa mga mag-aaral na hindi nakatanggap ng abiso bilang paghahanda para sa CA. Ang mga pangalan ng may kinalamang mga paaralang pang-sekondarya, ang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan ng paaralan sa DP na mga aplikasyon o kung ang mga mag-aaral ay napili bilang matagumpay na DP na mga aplikante ng isa o dalawang mga paaralang pang-sekondarya ay hindi ipinapahiwatig sa mga listahan.

**(32) T Maaari bang ihayag ng mga paaralang primarya o pang-sekondarya sa publiko ang proporsyon o bilang ng mga mag-aaral na naabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya bilang matagumpay na DP na mga aplikante?**

S Sa ilalim ng mga kaayusan sa abiso, ang indibidwal na mga mag-aaral ay maaaring mapili bilang matagumpay na DP na mga aplikante ng dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya. Sa kalaunan sila ay ilalaan sa mga paraalan na kanilang unang pinili, habang ang ilang matagumpay na mga aplikante ay maaaring piliin na mag-aral sa NDSS na mga paaralang pang-sekondarya. Kaya, ang ilang mga mag-aaral na hindi napili bilang matagumpay na DP na mga aplikante ay maaaring pa ring may pagkakataon na malaanan ng DP sa kapasidad ng reserbang aplikante. Sa ibang salita, ang proporsyon o bilang ng mga mag-aaral na naabiso ng na naabiso ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondaryo bilang matagumpay na DP na mga aplikante ay hindi ang pangwakas na mga resulta ng DP na aplikasyon. Ang mga mag-aaral sa Matagumpay na Listahan para sa mga Lugar sa Pagpapasya ng isang paaralan ay maaaring sa bandang huli na hindi mapaglaanan sa paaralang iyon. Dagdag pa, kung mapili o hindi ang mga mag-aaral bilang matagumpay na mga aplikante sa yugto ng DP ay apektado ng iba't ibang salik, kabilang ang mga estratehiya ng mga magulang sa pagpili ng mga paaralan, bilang ng mga aplikante, pamantayan sa admisyon at mga pagtitimbang, at ang bilang ng mga lugar ng paaralan, atbp. Kaya, ang proporsyon o bilang ng mga mag-aaral na nakakatanggap ng abiso ng kanilang matagumpay na DP na mga aplikasyon sa nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay hindi aktuwal na nagpapahiwatig ng akedemikong lebel o kabuuang pagganap ng may kinalamang mga paaralan. Ang mga paaralang primarya o pang-sekondarya ay hindi pinahihintulutang ihayag ang kaugnay na impormasyon/datos upang maiwasan na maapektuhan ang mga estratehiya ng ibang mga mag-aaral sa pagpili ng mga paaralan sa yugto ng CA.

Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar ng Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon
Setyembre 2023